Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA-16 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-20225) NG CAVINTI, LAGUNA , NA GINANAP NOONG IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2025, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO : KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANGALAWANG PUNUMBAYAN/ NANGULONG PANGULO

Kgg. Jose Mari L. Esguerra, SB Member;
Kgg. Joseph P. Baltazar, SB Member;
Kgg. Dr. Jovenil T. Gordula, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member
Kgg. Melandro B. Lope, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President;
*(Official Business)*

**KAPASIYAHAN BLG. 124 - 2025**

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN CAVINTI, LAGUNA NA NAGPAPAABOT NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALMAHATI SA PAGYAO NG DATING PUNONG BARANGAY GERARDO "LARRY" R. CONDE NG BARANGAY NG BUKAL CAVINTI, LAGUNA.**

**May - Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB MEMBER**
Tagapangulo, *Committee on Ordinances and Legal Matters and Committee on Education*

**Co-Sponsors:**

Kgg. Jose Mari L. Esguerra, SB Member;
Kgg. Joseph P. Baltazar, SB Member;
Kgg. Dr. Jovenil T. Gordula, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member
Kgg. Melandro B. Lope, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

**SAPAGKAT**, si G. **GERADO "LARRY" R. CONDE**, hindi lang naging Punong Barangay sa kanyang Nayon ng Bukal bagkus ay naggugol din siya ng makabuluhang paglilingkod sa Bansang Pilipinas bilang isang ***Philippine Marines,*** at umabot sa ranggo ng ***2nd Lieutenant ;***

**SAPAGKAT**, sa kanyang pagiging miyembro ng Philippine Marines ay nadala niya ang mga katangian gaya ng pagiging Makabayan, Matapang,

OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
RECEIVED
BY: JIMUEL JUANILLO
DATE: 11-3-25
2:55 pm



ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHEL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Disiplinado at pagiging Matapat, kung kaya't sa kanyang pagiging lingkod-Barangay ay ito ay kanyang ipinamalas din sa kanyang mga ka-Nayon at sa Pamayanan ng Bukal;

**SAPAGKAT**, bukod sa pagiging miyembro ng Philippine Marines, siya ay naging miyembro din ng ***Presidential Communication and Computer Battalion (PCCBn), na may ranggo na Bn. Sgt. Major at ng Presidential Security Group (PSG)***;

SAPAGKAT, bilang nagdaang Punumbarangay ng Sanggunian ng Barangay Bukal, ay siya ang nanguna sa pakikipagpag-ugnayan at pagpupursigi na maisakatuparan na malagyan ng maayos na patubig ang barangay ng Bukal

**SAPAGKAT,** si **G. GERADO "LARRY" R. CONDE** ay naging bahagi ng ***Liga ng mga Barangay (LNB) Tsapter ng Cavinti 2013-2018*** bilang isang ***Punong Barangay ng Barangay Bukal*** na kung saan naggugol din siya ng matapat na paglilingkod at dedikasyon sa kanyang serbisyong ipinagkaloob sa mga mamamayan sa panahon ng kanyang panunungkulan at ito ay pinatunayan ng kanyang walang pagtatanging pagtulong at pagbibigay ng suporta sa kanyang mga kabarangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang pagbabalik gunita sa mga tala ng kanyang paglilingkuran, sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA , at buong pusong sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng ginagawang *PAGPAPASIYA ng KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI na NAGPAPAABOT NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALMAHATI ANG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN AT ANG BUONG LOKAL NA PAMAHALAAN NG CAVINTI SA PAGYAO NG DATING PUNONG BARANGAY LARRY R. CONDE NG BARANGAY NG BUKAL CAVINTI, LAGUNA ang kanyang ala-ala ay mananatiling buhay sa puso at damdamin ng* mga taga-bukal at taga-Cavinti at ang kanyang pangalan ay matatala sa bayan sa habang panahon.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Pamilya ng yumaong Kapitan Gerardo "Larry" R. Conde , bilang mensahe ng pakikiramay.

**PINAGTIBAY.**

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika- 16 Pangkaraniwang Pulong ng 12th Sangguniang Bayan (2025-2028) Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-3 ng Nobyemre 2025.

**NITZSHELL TORRES – DELA TORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN**
**AT NANGULONG PINUNO**

**PINAGTITIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**